KIMIS SA KATITIKAN NG DI-KARANIWANG PAGPUPULONG NG MGA KAGAWAD NG SANGGUNIANG BAYAN NG BONGABON, NUEVA ECIJA NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN NGAYONG IKA 9 NG SETYEMBRE 2013.

| | | |
|---|---|---|
| DUMALO: | Kgg. Edmond E. Arive | Pangalawang Punong Bayan (Tagapangulo ng Pulong) |
| | Kgg. Maximino V. Gervacio | Kagawad |
| | Kgg. Hernan P. Andres | Kagawad |
| | Kgg. Ronnie S. Cudia | Kagawad |
| | Kgg. Gerardo S. Ruz | Kagawad |
| | Kgg. Alexander R. Guerrero | Kagawad |
| | Kgg. Arcangel T. Ruz, Sr. | Kagawad |
| | Kgg. Lope C. Valmonte | Kagawad |
| | Kgg. Lodovico R. De Leon | Kagawad |
| | Kgg. Alejandro A. Camato | Kagawad-Liga Pres. |
| DI DUMALO: | Kgg. Love Joy R. Padrid | Kagawad-SK Pres. |

**KAPASYAHAN BLG. 116-S-2013**

ISANG KAPASYAHANG/KAUTUSANG IPINAGBABAWAL ANG PAGGAMIT NG PLASTIC BAGS SA MGA "DRY GOODS' AT "WET GOODS" AT GAYUNDIN ANG PAGBABAWAL SA PAGGAMIT NG STYROFOAM SA BAYAN NG BONGABON LALAWIGAN NG NUEVA ECIJA.

SAPAGKAT: upang mapangalagaan ang kapaligiran, makaiwas sa pagkabara ng mga drainage na magiging sanhi ng pagbaha; kung kayat;

DAHIL AT ALANG ALANG DITO, ang mga Sangguniang Bayan ng Bongabon, Nueva Ecija na ngayon ay nagkakatipon sa mungkahi ni Kagawad Arcangel T. Ruz, Sr. at sinangayunan ng lahat na kagawad na dumalo, mangyari na;

IPINAGUUTOS ANG MGA SUMUSUNOD:

**PAMBAYANG ORDINANSA BLG. 124-S-2013**

SEKSIYON. I ANG KAUTUSAN:

1. Mahigpit na ipinagbabawal sa lahat ng tindahan ng "dry goods" (damit, sapatos, drug store, bakery, sari-sari store, rice store at lahat ng kauri nito ang paggamit ng plastic bag tuwing araw ng:

| | |
|---|---|
| Lunes | – magsisimula sa Nobyembre 4, 2013 |
| Martes | – magsisimula sa December 17, 2013 |
| Miyerkules | – magsisimula sa Enero 29, 2014 |
| Huwebes | – magsisimula sa March 13, 2014 |
| Biernes | - magsisimula sa Abril 25, 2014 |
| Sabado | – magsisimula sa Hunyo 14, 2014 |
| Linggo | – magsisimula sa Hulyo 27, 2014 |

SEKSIYON II Mahigpit na ipinagbabawal sa lahat ng tindahan ng "wet goods" ang paggamit ng plastic bags, tulad ng isinasaad sa Seksiyon I. Para sa isda, karne at iba pang paninda na "wet", magdala ng bayong, garapon, etc.

SEKSIYON III PAGPAPAKAHULUGAN NG MAHALAGANG TERMINO BATAY PARIN SA GAMIT NA NAAAYON SA KAUTUSANG ITO

a. “Cloth Bag” (Katsa) – refers to a reusable packaging material made of cloth (biodegradable) used in the packaging of flour, wheat and other similar goods.
b. “Dry Goods” – refers to any product that do not require refrigeration or freezing to maintain, such as textiles, clothing, medicines.
k. “Dry Market” – generally refers to the store of products that do not require refrigeration or freezing to maintain.
d. “Plastic Bags” – also known as sando bags, pouch, plastic shopping bags and plastic film bags. It is a type of flexible packaging materials made of thin, plastic film that is used for containing and transporting goods and other products. It shall also refer to thin-gauge packaging medium that is used as bags or wraps.
e. “Styrofoam” – refers to a kind of packaging material used as food containers, disposable cups, plates, etc.
g. “Plastic Waste”- refers to any plastic packaging material thrown as waste.
h. “Primary Packaging Materials” – refers to those types of packaging for containing wet produce, snack floods, frozen foods, hardware, etc.
i. “Secondary Packaging Materials”- refers to those types of packaging materials for wet goods to provide support to any primary packaging and intended for convenience of the handler as well.
l. “Wet Goods” – refers to any product that requires refrigeration or freezing to maintain such as fish, meat, fresh poultry products, fruits, vegetables, beverages and cooked foods in carinderias/eateries.
m. “Wet Market”- generally refers to the store of products that requires refrigeration or freezing to maintain. These include the wet section markets, supermarkets, mini marts, restaurants and carinderias/eateries.
n. “Woven Bags” (a.k.a Bayong) – refers to biodegradable packaging material made of woven pandan or buri leaves and other similar materials.

SEKSIYON IV AND MULTA:

1. Unang paglabag - Isang Libong (P 1,000.00) Piso
2. Pangalawang Paglabag - Dalawang Libong (P 2,000.00) Piso
3. Pangatlong Paglabag - Dalawang Libo, Limang Daang (P 2,500.00) Piso at pakansela ng permiso sa pagnenegosyo.

SEKSIYON V TAGAPAGPATUPAD:

1. Tagapangasiwa ng Palengke
2. MENRO (monitor by MENRO all barangays)
3. Kawani ng Ingat-Yaman
4. Barangay Captain
5. PNP

SEKSIYON VI PAGPAPAHIWALAY NG SUGNAY:

1. Kung anuman ang dahilan o mga dahilan, alinmang bahagi ng probisyon ng kautusang ito ay taliwas sa Saligang Batas at Local Government Code of 1991 (RA 7160), Panlalawigang Ordinansa at Municipal Environmental Code, ang ilang bahagi o mga probisyon dito na kundi apektado ay magpapatuloy na ipapatupad ng buo o may bisa.
2. Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos makapagtakda ng pampublikong pagdinig (public hearing) magkakaroon ng konsultasyon at pagpupulong sa mga kinauukulan, magpaskil sa mga hayag na lugar at magpatibay ng Sangguniang Bayan ng Bongabon, Nueva Ecija.
3. Pinagtibay pa din na padalhan ng sipi ang mga sumusunod:

PINAGTIBAY NG LAHAT:

Pinagtibay ngayong ika 9 ng Setyembre 2013, dito sa Bayan ng Bongabon, Lalawigan ng Nueva Ecija.

PINATUTUNAYAN KO ang katumpakan ng Kapasyahan/ Kautusang sinipi sa itaas nito na Pinagtibay.

**CARMENCITA P. CARPIO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATUTUNAYAN:

**KGG. EDMOND E. ARIVE**
Pangalawang Punong Bayan
(Tagapangulo ng Pulong)

KGG. MAXIMINO V. GERVACIO
Kagawad

KGG. ALEXANDER R. GUERRERO
Kagawad

KGG. HERNAN P. ANDRES
Kagawad

KGG. ARCANGEL T. RUZ SR.
Kagawad

KGG. RONNIE S. CUDIA
Kagawad

KGG. LOPE C. VALMONTE
Kagawad

KGG. GERARDO S. RUZ
Kagawad

KGG. LODOVICO R. DE LEON
Kagawad

KGG. ALEJANDRO A. CAMATO
Kagawad-Liga Pres.

PINAGTIBAY:

**KGG. ALLAN XYSTUS A. GAMILLA**
Punong Bayan